Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

## TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA-18 NG PEBRERO, 2004, ARAW NG MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-10:00 NG UMAGA

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| KGG. ARIEL T. MAGCALAS | ………… | PANG.PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kgg. Louie C. de Leon | ………… | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison | ………… | Kagawad |
| Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. | ………… | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez | ………… | Kagawad |
| Kgg. Purita P. Sarmiento | ………… | Kagawad |
| *Kgg. Mike Jomel M. Ombico* | ………… | *Kagawad – SK* |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Florencio C. Odejar | ………… | Kagawad |
| Kgg. Roselon F. Pamatmat | ………… | Kagawad |
| Kgg. Edgardo T. Porca | ………… | Kagawad |
| *Kgg. Angelito U. Limjuco* | ………… | *Kagawad – ABC* |

KAPASIYAHAN BLG. 065-T'04

*KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG ANNUAL INVESTMENT PLAN (AIP) NG BARANGAY POBLACION V NA NAGKAKAHALAGA NG ISANG DAAN WALUMPUNG LIBO ANIMNAPU'T TATLONG PISO AT ANIMNAPU'T LIMANG SENTIMOS (P180,063.65)*

*SAPAGKA'T,* may mga binalangkas na programa, proyekto at gawain ang Sangguniang Barangay ng Poblacion V para sa taong ito na paglalaanan ng 20 bahagdang kabahagi ng *rentas-internas;*

*SAPAGKA'T,* matapos na ito ay masuri at malaman na ang mga binalangkas na programa, gawain at proyekto ay tumutugon sa pangangailangan ng nabanggit na barangay at naaayon sa itinatadhana ng LBC # 70 ay inirekomenda ng Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi ng Sangguniang Bayan na pagtibayin na ang AIP ng Brgy. Poblacion V.

*KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,* sa mungkahi ng Kgg. Kag. Eugenio A. Javier, Jr., na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Louie C. de Leon, at Bernardo E. Ison at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

*PINAGPASIYAHAN:* Na pagtibayin ang Annual Investment Plan (AIP) ng Barangay Poblacion V na nagkakahalaga ng P180,063.65.

*INIUUTOS:* Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos at Sang. Brgy. Pob. V, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

*PINAGTITIBAY*

*PINATUTUNAYAN* kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

KGG. ARIEL T. MAGCALAS
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

KGG. INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan